


Check Sheet para sa “Gabay sa Pamumuhay ng Dayuhan sa JPM”



日管協

Salamat sa panonood ng “Gabay sa Pamumuhay ng Dayuhan sa JPM”.

Lubos mo bang naunawaan ang mga nilalaman ng gabay?

Suriin ang mga nilalaman ng gabay sa check sheet na ito.

Lagyan ng tsek ang mga aytem na iyong nauunawaan.

Proseso sa Oras ng Paglipat

- Mangyaring suriin ang susi, pintuan, bintana, frame ng bintana, sliding door, atbp., pagkalipat sa bagong tirahan. Kung nakitang anumang problema, mangyaring iulat ito sa kumpanyang namamahala ng real estate (real estate management company) o sa nagpapaupa.
- Nauunawaan mo ba kung paano buhayin ang kuryente at kung paano babaguhin ang kapasidad ng kuryente?
- Nauunawaan mo ba kung paano buksan ang gas?
- Nauunawaan mo ba kung paano buksan ang tubig?
- Nauunawaan mo ba kung paano buksan ang telepono?

Pagkatapos ng Paglipat

- Nauunawaan mo ba na importante mong batiin ang iyong mga kapitbahay?
- Nauunawaan mo ba na ang basura ay dapat na ihwalay ayon sa nasusunog na basura, hindi nasusunog na basura, at malalaking basura (depende sa lugar, kailangan din hiwalayin ang mga nare-recycle na basura tulad ng PET bottle, lata, babasaging bote, dyaryo, atbp.) at itinatapon sa itinalagang petsa, oras at lugar?
- Nauunawaan mo ba na ang paraan ng pagtapon ng malalaking basura ay naiiba sa ordinaryong basura?
- Nauunawaan mo ba na dapat kang mag-ingat tungkol sa malakas na boses, malakas na TV o stereo, pagtugtog ng mga instrumentong pangmusikal, at mga ingay ng gabi upang hindi maabala ang iyong mga kapitbahay?

Mga Ipinagbabawal/Dapat Sundin

- Nauunawaan mo ba na ipinagbabawal ang mag-alaga ng hayop bukod sa mga apartment/condominium na pinapayagan ng may-aari?
- Nauunawaan mo ba na hindi ka dapat maglagay ng anumang mga bagay sa mga pangkalahatang lugar tulad ng mga pasilyo at hagdan?
- Nauunawaan mo ba na ipinagbabawal ang "sub-leasing"?
- Nauunawaan mo ba na bawal patirahin ang ibang tao maliban sa nasa kontratang numero ng maninirahan?
- Nauunawaan mo ba na ang mga mapanganib na bagay tulad ng paputok at iligal na bagay tulad ng narcotics ay ipinagbabawal na dalhin?
- Nauunawaan mo ba kung paano magbayad ng renta?
- Nauunawaan mo ba na dapat mong bayaran ang renta hanggang sa itinakdang petsa kada buwan?

Buwan: Araw: Taon:

Lagda ng Mangungupahan: _____